# Ipamigay ninyo ang mga isinasatungkuling mana sa mga pinag-uukulan ng mga ito saka ang anumang natira ay ukol sa pinakamalapit na kaanak na lalaki."}

Ayon sa Anak ni `Abbās (malugod si Allāh sa kanilang dalawa): {Ayon sa Propeta (basbasan siya ni Allāh at pangalagaan) na nagsabi: "Ipamigay ninyo ang mga isinasatungkuling mana sa mga pinag-uukulan ng mga ito saka ang anumang natira ay ukol sa pinakamalapit na kaanak na lalaki."}
[Tumpak] [Nagkasang-ayon sa katumpakan nito]

Nag-uutos ang Propeta (basbasan siya ni Allāh at pangalagaan) sa mga tagapangasiwa sa paghahati ng naiwang ari-arian [ng patay] na mamahagi sila ng mga ito sa mga karapat-dapat dito sa pamamagitan ng paghahating makatarungang legal sa Islām gaya ng ninais ni Allāh (napakataas Siya). Kaya ibibigay sa mga kinauukulan ng mga tungkuling manang tinakdaan ang mga tungkuling mana nila sa nasaad sa Aklat ni Allāh. Ang mga ito ay ang dalawang-katlo, ang isang-katlo, ang isang-kaanim, ang kalahati, ang isang-kapat, at ang isang-kawalo saka ang anumang natira matapos ng mga ito sapagkat tunay na iyon ay ibinibigay sa sinumang pinakamalapit na kaanak sa patay kabilang sa mga lalaki, na tinatawag bilang ang `aṣabah.§



النجاة الخيرية
ALNAJAT CHARITY
لجنة الدعوة الإلكترونية
EDC E-Da'wah Committee